

# Prologue



He's a jerk.  
Kanina pa siya hinihintay ng dalaga sa coffeeshop pero hindi nagpapakita si Jeffrey kahit nauna pa siyang dumating doon. He was looking at her from afar. Tatlong order ng kape na ang naubos nito sa kahihintay sa kanya kaya minabuti niyang lapitan na ito.

“Samantha.”

“Hi!” Matamis na ngiti ang sinalubong ng babae sa kanya. “I thought you already left. Kararating ko lang kasi dahil may dinaanan ako bago pumunta dito. Hindi naman kita mai-text kasi naiwan ko ang phone ko sa pagmamadali.”

She was lying obviously. Nakita niyang may

dala itong cellphone at nakita niya ito mula kaninang dumating ito. Hindi niya inaasahan na magsisinungaling ito sa kanya. Ang ini-expect ni Jeffrey, magagalit ang babae at susumbatan siya dahil pinaghintay niya ito nang matagal. Hindi ito tulad ng mga naging kasintahan niya noon na kapag na-late siya kahit five minutes lang ay kung anu-anong reklamo na ang naririnig niya.

It was not easy to break Samantha's heart. Hindi pa niya nagagawa ay nagi-guilty na si Jeffrey. He did not deserve a girl like her. Kailangan niyang tapusin ang lahat bago pa siya tuluyang mahulog dito.

“Ang akala ko rin umalis ka na.” Hinila niya ang silya sa tapat nito saka umupo. “Natagalan ako kasi sobrang traffic sa amin.” Now, it was his turn to lie. “Hindi rin kita mai-text dahil namatay ang cellphone ko. Nakalimutan ko kasing i-charge kagabi.”

“It's okay.” She's still smiling. “Pareho naman tayong late. I'm sure you're hungry dahil sa tindi ng traffic. Mag-order muna tayo.”

“Okay!” Tinawag niya ang waiter. “What do you want to eat?”

“Anything, basta nakakabusog.”

This was one of the many things he liked

about her. Hindi ito namimili ng pagkain kaya kahit anong i-order niya ay kinakain nito.

“I have something to tell you.”

“May sasabihin ako sa ’yo.”

Sabay nilang sabi pagkatapos niyang mag-order.

“Ladies first,” sabi ng binata.

“No.” Umiling ito. “Tatal ako ang unang dumating kahit pareho tayong late, ako na ang magde-decide. Ikaw ang unang magsalita.”

“Okay, but let’s eat first.”

“Sure!”

Dumating ang order nila at nagsimula na silang kumain. Naninibago si Jeffrey dahil halos hindi nito binabawasan ang pagkain samantalang malakas itong kumain.

“Is there something wrong?”

“Nothing. Iniisip ko lang kung ano’ng result ng midterm exams,” kaila ng dalaga. “Ano nga iyong sasabihin mo sa akin?”

“Ah, ano kasi...” Hindi niya alam kung paano sasabihin kay Sam na gusto na niyang makipaghiwalay. “Gusto ko sanang sabihin sa ’yo na...” Damn! Sa tanang buhay niya, ngayon lang siya nahirapang gawin ito.

“Ano?” malumanay na tanong nito.

“Gusto kong mag-focus ka muna sa pag-aaral mo. Feeling ko kasi, simula n’ung maging tayo, nahati ang oras mo sa pag-aaral at sa akin. Alam ko namang importante sa ’yo ang makatapos at ma-maintain ang mataas na grades para sa scholarship. Ayoko namang ako ang maging dahilan nang pagbaba ng grades mo.”

That was another lie. Totoong madalas silang magkasama pero nag-aaral sila. Natuto si Jeffrey na mag-aral nang advance at mag-review dahil sa babae. Good influence ito sa kanya samantalang wala siyang naidulot na maganda rito.

Natawa ang dalaga na ikinagulat niya. Kapag nakikipag-break siya noon sa mga naging nobya niya, nagmamakaawa ang mga ito na balikan niya. Ang iba naman ay nagagalit at kung minsan may sampal siyang natatanggap. He deserved it because he’s a jerk.

“Wala na pala akong problema. Ang akala ko mahihirapan akong sabihin na mag-break tayo. Gusto kasi ng parents ko na mag-focus ako sa pag-aaral. Although hindi alam ng parents ko na may relasyon tayo.” Nakangiti ang babae pero halata sa mga mata nito na hindi ito nagsasabi ng totoo.

“My parents told me na huwag daw muna

akong makikipagrelasyon dahil makakasagabal sa pag-aaral ko. Naiintindihan ko sila and I'm thankful na iyon din ang iniisip mo.”

Tumangu-tango si Jeffrey. “I think me and your parents just want the best for you.”

Iyon ang tanging nasabi ng binata. Ayaw niya nang dagdagan ang kanyang mga kasinungalingan. Para sa ikabubuti ni Samantha ang desisyong ginawa niya.

# Chapter One



Her cellphone kept on ringing. She did not bother looking who was calling because she already knew who it was. Isang tao lang naman ang maglalakas-loob na paulit-ulit siyang tawagan kahit alanganing oras na ng gabi.

“Bakit?” tinatamad na sagot ni Samantha. Kahit di niya pansinin nang paulit-ulit ang tawag nito, alam niyang hindi ito titigil sa katatawag hangga’t di niya sinasagot. “Ano na nama’ng kailangan mo?”

“Ang sakit naman! Ganoon ba talaga ang tingin mo sa akin, tumatawag lang kapag may kailangan?” kunwari ay nagtatampong turan ng

lalaki.

“Wala kang kailangan? Sige, goodbye!”

“Sandali!”

Akmang ipe-press niya ang end call nang sumigaw si Jeffrey.

“Huwag mo akong sigawan, hindi ako bingi.” Gusto niya rin itong sigawan kaso baka magising ang roommates niya. Nagbo-boarding house siya; pabor sa kanya iyon kaysa mag-commute araw-araw papasok sa university. Less traffic, less hassle.

“Sorry.” Kalmado na ang boses ng lalaki. “Sam, I need you,” malambing na dugtong nito. “Please help me. Kahit ano’ng kapalit ibibigay ko sa ’yo, pumayag ka lang. Basta kaya ng budget ko.”

“Tigilan mo ako. Ang s’abi ko sa ’yo, huling beses na kitang tutulungan noong nakipag-break ka kay Remi—o Demi ba ’yon?” Naguguluhan siya sa mga pangalan ng ex-girlfriends nito dahil sa sobrang dami. At take note, kasama siya sa listahan ng mga iyon. Hindi nga niya alam kung bakit naging magkaibigan sila.

“Promise!” Nai-imagine niya na nakataas ang kanang kamay nito na tila nanunumpa. “Last na talaga ’to dahil ang susunod na magiging girlfriend ko ay papakasalan ko na.”

“Tell that to the marines!”

Pinindot ni Samantha ang end call sabay turn off sa phone. Hindi siya naniniwala sa sinabi ng lalaki dahil isa itong dakilang playboy kaya imposibleng mangyari ang sinasabi nito.



Naka-ready na lahat nang dadalhin ni Sam pauwi sa Bulacan. Semestral break kaya magtatagal siya doon. Sa wakas ay makakapagpahinga siya at malalayo kay Jeffrey. Pagod na pagod na siya at sawang-sawa sa pambababae nito.

“Samantha, kanina pa naghihintay ang sundo mo,” tawag ni Miss D, short for Diana, ang masungit at istrikta nilang landlady.

“Bababa na po.”

Hindi matandaan ng dalaga na nagpasundo siya. Hindi nga niya sinabi sa mga magulang na ngayon siya uuwi. Si Jeffrey lang naman ang pumupunta sa boarding house kapag trip nitong ihatid siya o kaya sunduin. Ano naman kaya ang sadya nito?

“Sam, bumaba ka na,” naiiritang sabi ng best friend niyang si Cindy. Simula first year college ay magkasama na sila sa boarding house kaya naging malapit na magkaibigan sila. “Kanina pa



pinagpipiyestahan ang hilaw mong boyfriend.”

Sakit talaga ng ulo si Jeffrey. Malilintikan talaga ang binata sa kanya. Wala na itong pinipiling lugar at pati sa boarding house ay naghahasik ito ng kalandian.

“Bye, Cindy.” Hinalikan niya ito sa pisngi. “Ikumusta mo na lang ako kay Tita. Pasensya na ’ka mo kasi hindi ko na siya mahihintay. Kailangan ko na talagang umuwi.”

Luluwas ang ina ni Cindy kaya hindi muna uuwi sa Bataan ang kaibigan. Hindi na niya mahihintay ang ginang dahil gusto na niyang iwasan si Jeff. Hindi kasi siya tatantanan ng binata hangga’t di siya pumapayag sa gusto nito.

“Okay lang iyon basta mag-ingat ka sa pag-uwi, at mag-ingat ka rin kay Jeff. Baka kung ano na namang kalokohan ang gawin niyan.”

“Salamat. Saka huwag kang mag-alala, didispatsahin ko na ang lalaking iyon.”

Bumaba si Samantha bitbit ang bag. Nadatnan niya sa living room si Jeffrey na masayang nakikipaglandian sa roommates niya. Mabuti at hindi pa ito pinapalayas ni Miss D.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” tanong niya.

Mabilis na tinanggal ng binata ang nakalingkis na kamay ng mga babae sa braso nito. “Hi, babe!”

nakangiting bati nito sa kanya.

Akmang hahalikan siya nito sa pisngi pero umiwas siya. “I’m not your babe. Kadiri!”

Lahat ng ex-girlfriends ni Jeff ay tinatawag nito ng ganoon, maliban sa kanya. Wala silang endearment noong naging sila. Tinatawag nila ang isa’t isa gamit lang ang pangalan nila.

“Samantha, wala kang sinasabi sa amin na may pogi at hot kang boyfriend. Kung ayaw mo na sa kanya, ibigay mo na lang sa amin,” anang isa niyang roommate na sinang-ayunan naman ng lahat.

“Inyong-inyo na, mag-usap na lang kayo kung sino ang una,” aniya sabay alis. Wala siyang planong makipag-agawan sa mga ito.

Sinubukan niyang mapatino ang binata noon pero nabigo siya. Sumugal si Samantha kahit alam niyang mas malaki ang chance na matalo siya. Hindi na niya uulitin iyon.

“Sam, let’s talk.”

Hindi niya namalayan na nakasunod pala ito sa kanya.

“Ano’ng pag-uusapan natin? Kung paano mo hihiwalayan ang girlfriend mo?” pagsusungit niya. “Malinaw na sinabi ko sa ’yo na ayoko nang magpanggap na gf mo kapag nakipag-break ka.”

Simula noong naging magkaibigan na lang sila, siya palagi ang ginagamit nitong dahilan sa tuwing nakikipag-break ito sa mga babae. Nagpapanggap si Sam na babae nito at sinasadya nilang makita silang magkasama ng totoo nitong girlfriend. Kunwari nahuli itong nangangaliwa pagkatapos makikipaghiwalay na ito.

Pumayag siya sa gusto ni Jeffrey dati, hindi dahil may kapalit ang pabor na iyon. Hindi rin dahil gumaganti siya kasi hiniwalayan din siya ni Jeff noon. Naaawa lang talaga siya sa mga nobya nito. Mabuti nang matapos agad ang relasyon ng lalaki sa kahit na sino kaysa magtagal, dahil lalo lang aasa ang babae kapag ganoon. Pero mali siya.

Sa pagpayag ni Sam, kinunsinti niya ang pagiging playboy ng kaibigan at lalo itong lumala porke alam nitong nandoon siya para tumulong dito.

Pero ngayon, itatama na niya ang lahat.

“Sam, ipinapangako ko na huli na talaga ’to.”

“Ilang beses mo sinabi sa akin iyan, Jeff, pero hanggang ngayon, hindi ka pa rin nagbabago. Bahala ka sa buhay mo!”

“Sam,” hinawakan nito ang kamay niya saka lumuhod, “magpapakabait na ako pagkatapos

nito. Magbabago na ako. Hindi ko na gagayahin si Papa.”

“Tumayo ka nga.” Baka kung ano pa ang isipin ng mga nakakakita sa kanila. Parang siya tuloy ang pinagtaksilan at humihingi ito ng second chance sa kanya. “Ang daming tao, Jeff. Huwag ka ngang mag-iskandalo.” Pinagtitinginan na sila ng mga taong dumadaan sa kalsada.

“Seryoso ako, hindi ako tatayo hangga’t di ka pumapayag.”

Malapit nang maubos ang pasensya ni Samantha. “Last na talaga ’to at kapag umulit ka pa—”

“Pumapayag ka na?” Nagliwanag ang mukha ng binata.

“Sa isang kondisyon.”

“Ano iyon? Kahit ano, gagawin ko basta tulungan mo ako.”

“Kalimutan mong magkaibigan tayo kapag umulit ka pa,” seryoso niyang tugon. Tinitigan siya ng binata na waring tinatantya kung tototohanin niya ba ang sinabi. “Hindi ako nagbibiro, Jeff. Sawang-sawa na ako sa pinaggagawa mo. Akala mo hindi ako nagi-guilty sa ginagawa natin? Babae din ako, alam ko kung ano’ng nararamdaman nila. Paano kapag nangyari din

sa akin 'to?"

Naging sila noon ni Jeffrey pero hindi niya naranasan ang naranasan ng mga nobya nito. Hindi nito ipinaramdam sa kanya na hindi siya sapat, na kapalit-palit siya kaya siya hiniwalayan.

Hindi niya sinisisi ang binata kung bakit marami itong ex-girlfriends dahil babae ang naghahabol dito, pero alam niyang mali pa rin ang ginagawa ng kaibigan. Hindi iyon dahilan para paglaruan nito ang mga babae.

“Okay, deal.”



Jeffrey was with his soon-to-be ex-girlfriend. Kasalukuyan silang nasa bakeshop. Ang magkasintahan ay namimili ng cake tapos si Sam ay nasa labas. Humahanap siya ng tamang timing bago pumasok para tapusin ang relasyon ng dalawa. Hindi magandang pakinggan, pero iyon talaga ang gagawin niya.

“Jeff!” Kunwari ay nagulat siya pagpasok nang makita ang binata sa bakeshop. “Babe, what are you doing here?” maarteng tanong niya sabay halik sa pisngi nito.

She was wearing a red off-shoulder top, white fitted jeans, and stilettos. Ang mahaba niyang buhok na palaging nakapusod ay kanyang

inilugay. Ang suot na salamin ay pinalitan niya ng contact lens. Naglagay siya ng kaunting makeup. Ibinagay niya sa kasuotan ang pagkilos. Mukha siyang sosyal at anak-mayaman ngayon.

Sa tuwing nagpapanggap siyang nobya ni Jeffrey ay kailangan niyang mag-transform. Wala namang problema sa kanya dahil ito naman ang bumibili ng mga isusuot niya. Madami na rin siyang naipong damit at sapatos dahil sa pagpapanggap niya rito.

“Samantha...”

Imbis na umarte na nagulat dahil naroon siya, kabaliktaran ang ginawa nito. Natulala ang binata pagkakita sa kanya na para bang siya lang ang nakikita ng mga mata nito.

Sa parteng iyon ng pagpapanggap nila, palagi itong sumasablay. Hindi niya alam kung bakit ganoon palagi ang reaksiyon ng binata sa tuwing nagsusuot siya ng magagarang damit.

“Babe, I thought you forgot about our monthsary.” Pinulupot niya ang kamay sa braso nito. “Hindi mo man lang ako binate, iyon pala isu-surprise mo ako. Bumili ka pa talaga ng paborito kong cake. Ang sweet mo talaga.” Hinalikan niya ulit ito pero sa pagkakataong iyon, sa sulok na ng mga labi. “I love you.”

At totoo iyon.

“Ano’ng ibig sabihin nito?” galit na tanong ng nobya ni Jeffrey. “Miss, sino ka ba?”

“I’m Samantha, his girlfriend. How about you? Who are you?”

Habang tinitingnan ang nobya ni Jeffrey ay may na-realize si Sam. Lahat ng ex-girlfriend nito ay mapustura at malaki ang hinaharap. Well, of course, maliban sa kanya dahil simple lang siyang manamit at katamtaman ang laki ng boobs. Siya lang ang naiiba sa lahat ng mga naging nobya nito.

“Girlfriend? Ako ang girlfriend ni Jeffrey. Nagpasama siya sa aking bumili ng cake dahil birthday ng pinsan niya.”

Binitawan ni Samantha si Jeffrey. “Totoo ba ang sinasabi ng babaeng iyan?” Kalmado ang boses niya pero may gigil sa bawat salitang binibitawan niya. “Totoo ba?”

Pinagtitinginan na sila ng mga customer sa bakeshop.

“Samantha, let me explain.”

Sinampal niya ito. “Ano’ng ipapaliwanag mo sa akin? Ipapaliwanag mo kung bakit ka nangaliwa?” Hinawakan siya ng binata sa kamay pero iwinaksi niya iyon.

“Jeff, sabihin mo sa akin na nagsisinungaling lang ang babae na iyan! Sabihin mo sa kanya na ako ang girlfriend mo!”

“I’m sorry, Andrea.”

“No!” Ayaw nitong maniwala. “You’re just kidding, right?”

“I’m sorry, Andrea, but Samantha is my girlfriend. My real girlfriend. You’re just a fling.”

Rumehistro ang sakit sa mga mata ng babae. Poor girl. Halatang shocked ito sa nangyari. Hindi siguro nito inaasahan na sasabihin iyon ni Jeffrey.

“Pumili ka sa amin, Jeff, ako o siya?”

Ipinapangako ni Samantha na huli na ito. Kabaro niya ang nasasaktan sa tuwing pumapayag siya sa request ni Jeffrey. Ayaw naman niyang mangyari iyon sa kanya balang araw.

“Hindi na niya kailangang mamili sa ating dalawa dahil malinaw naman kung sino’ng pipiliin niya.” Binalingan ni Andrea ang binata. “Thank you for hurting me.” Isang malakas na sampal ang ibinigay nito kay Jeffrey bago ito nagmartsa paalis.

Hanga siya kay Andrea dahil taas-noo itong umalis at hindi nagmakaawang piliin ng lalaki, di gaya ng iba.



“Masaya ka na, Mr. Samaniego?” tanong niya pagkaalis ni Andrea pero wala siyang nakuhang sagot mula rito.

Busy ito sa paghimas sa pisnging nasampal kaya dumerecho na lang si Samantha sa counter. “Miss, nabayaran na ba ’tong in-order niyang cake?” Itinuro niya si Jeffrey.

“Opo, Ma’am.”

“Thanks!” Kinuha niya ang naka-box na cake. “Iuuwi ko ’to sa bahay,” sabi niya nang madaanan ang binata. “Umalis na tayo.”

Nauna na siyang maglakad papunta sa parking lot at sumakay sa kotse nito.

Walang kibong sumunod sa kanya ang kaibigan. Pagpasok sa kotse, tinitigan lang siya ni Jeffrey at mukhang walang balak na magmaneho.

“What?” paasik na tanong niya.

“Ihahatid kita sa Bulacan.”

“Hindi na kailangan, ihatid mo na lang ako sa terminal ng bus.”

“I insist. Baka may masama pang mangyari sa ’yo.” Tinitigan ulit siya nito mula ulo hanggang paa.

Gets na ni Samantha kung bakit ganoon ito makatitig sa kanya. “Malaking hikaw na lang ang kulang, mukha na akong prosti sa suot ko,

ganoon ba? Sino ba'ng may gustong isuot ko 'to, di ba ikaw naman?" Kumuha siya ng tissue mula sa bag. Pinunasan niya ang mukha at labi na may kolorete. "Alam mo bang hahabulin ako ni Tatay ng itak kapag nakita niyang mapula ang mga labi ko?"

"Ikaw ang nagsabi niyan, hindi ako," depensa nito sa sarili. "You look pretty. At bakit ka naman hahabulin ng itak ni Tatay?" Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok na nakatabon sa mukha niya. "Nag-aalala ako sa 'yo kaya gusto kitang ihatid."

So maganda lang siya kapag may makeup?

"Hindi ako maganda," naiinis na sabi ni Sam.

Pagkatapos magpunas ng mukha, hinubad niya ang stilettos at nagsuot ng sneakers. Tinanggal din niya ang contact lens at sinuot ang salamin. Hinayaan na lang niyang nakalugay ang buhok para matakpan ang mga balikat niya.

"Jeff, matagal na akong nagku-commute kaya sanay na ako. Hindi mo na kailangang mag-alala, okay lang akong mag-isa. Saka hindi mo naman ako hinahatid dati sa Bulacan, ah."

"Sisimulan ko ngayon," pamimilit nito.

"Kung ginagawa mo 'to dahil ginawan kita ng pabor kanina, huwag mo nang ituloy."

“Gusto kong gawin dahil gusto ko,” seryosong turan nito. “At dahil kaibigan kita.” Nagsimula na itong magmaneho.

Okay na sana kung hindi lang nito idinugtong ang salitang kaibigan.

Ano ba ang ini-expect ni Samantha, na gusto nitong gawin iyon dahil mahal siya nito? Imposible namang mangyari iyon. Eh, di sana sila pa hanggang ngayon kung mahal siya ni Jeffrey.

Pero umaasa pa rin ang kanyang puso.

# Chapter Two



“Congratulations, Sam!” sigaw ni Cindy. Sinalubong siya nito ng yakap. “Ang galing-galing talaga ng best friend ko.”

Gumraduate siyang *magna cum laude* sa kursong BS Accountancy. Si Cindy naman ay noong isang taon pa nag-graduate; four-year course lang kasi ang Business Management.

Madalas pa rin silang magkita dahil sa Maynila ito nagtatrabaho. Iyon nga lang, hindi na sila magkasama sa boarding house.

“Thank you!”

Madaming bumati sa kanyang mga classmates at schoolmates. Nagpaalam siya sa mga ito nang hindi niya makita ang isa niyang matalik na

kaibigan. Nilapitan niya ang mga magulang at si Cindy para itanong kung nasaan si Jeffrey. Pero hindi rin nakita ng mga ito ang binata kaya nagpaalam siyang hahanapin muna ito.

Nag-aalala siya sa binata. Hindi kasi um-attend ang magulang nito sa graduation. Ang ina nito ay busy sa negosyo, samantalang ang ama ay busy sa pambababae. Parents niya ang kasama ni Jeffrey na nagmartsa sa stage. Mabuti na lang, magkalayo ang puwesto ng mga apelyido nilang dalawa.

Dapat noong isang taon pa nag-graduate ang binata, kasabay ni Cindy. Pareho ng course ang dalawa, magkaiba lang ng major. Dahil nga rin kay Cindy kaya sila nagkakilala. Nagpapahanap ito noon ng tutor at kailangan naman niya ng ekstrang pera kaya siya ang nirekomenda ng roommate sa binata.

Madaming bagsak na subject si Jeffrey noong first year kasi bulakbol ito. Iyon din ang dahilan kaya na-extend nang isang taon ang pag-aaral nito.

“Sino’ng hinahanap mo?” Nagulat siya nang bigla na lang itong sumulpot mula sa likuran niya.

“Jeffrey naman!” Kinurot niya ang lalaki sa

tagiliran. “Saan ka ba pumunta? Kanina pa kita hinahanap.”

Inakbayan siya nito. “Sa tabi-tabi lang,” maikling tugon nito. “Bakit mo ako hinahanap?”

“Wala pa tayong picture na magkasama. Gusto kong may remembrance tayong dalawa.”

“Ang dami mo nang pictures. At saka di mo na kailangan ng remembrance nating dalawa, hindi naman tayo maghihiwalay.”

Parang may humaplos sa puso ni Samantha dahil sa sinabi nito, pero may dulot din iyong kaba. Magtatapat kaya ito sa kanya?

Tinupad ni Jeffrey ang pangako na hindi na makikipagrelasyon pagkatapos nitong makipag-break kay Andrea. At mula noong gumraduate si Cindy at magkahiwalay ng bahay, ang binata na ang palaging nakadikit sa kanya. Hatid-sundo siya nito papunta sa school at sa boarding house, at kahit noong nag-o-OJT na siya. Palagi rin siya nitong ipinagluluto ng pagkain na ipinapabaon sa kanya.

“Ano’ng assurance na hindi tayo maghihiwalay?”

“Ito.” May dinukot ito mula sa bulsa, isang maliit na box. Binuksan iyon ng binata, tumambad sa kanya ang isang singsing. It was

an infinity ring. “Always wear this. Huwag mong huhubarin kahit maligo ka o maglaba.” Itinaas ng lalaki ang kaliwang kamay. “I also have mine.”

Hindi niya maipaliwanag ang kakaibang sayang nararamdaman. “Di ba para lang ’to sa couple?” untag niya.

“Sino’ng may sabi? In my opinion, ginawa ang infinity ring para sa mga taong hindi maghihiwalay, kaya para sa atin iyan.”

She wanted to ask for clarifications as to *what* they were, but she remained silent. Siguro sapat na muna kung ano ang mayroon sila, ang mahalaga ay palagi silang nasa tabi ng isa’t isa.

“Gusto ko pa ring magpa-picture,” hirit ni Sam. “Puntahan natin sila Nanay, magpa-picture tayong lahat.” Hinila niya ang binata.

“Okay!” napipilitang tugon ni Jeffrey. “May magagawa pa ba ako?”

“Wala,” nakangising tugon niya.

“Wait!”

“Bakit?” Napilitan siyang huminto sa paglalakad.

Kumuha ito ng panyo sa bulsa, pinunasan ang pawis sa mukha niya. Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok na tumatabing sa kanyang pisngi. Palagi iyong ginagawa ni Jeffrey sa tuwing magulo

ang buhok niya.

“I love your hair. Huwag mong papaiklian ang buhok mo.”

“Ilang beses mo nang sinabi sa akin iyan,” irap ni Samantha kunwari.

“I know, I’m just reminding you.”

“Yes, Sir!” Sumaludo siya rito. “Tara na, baka nag-aalala na sina Nanay dahil hindi pa tayo bumabalik.”

“Sam, p’wedeng sumama ako sa inyo sa Bulacan?”

Hindi man nito sabihin ay nararamdaman niyang malungkot ang kaibigan. Nadudurog ang kanyang puso sa tuwing nakikitang ganito ang binata.

“Oo naman, I’m sure matutuwa sila. You’re always welcome in our family, anytime.”

“Salamat!”



“Sam, ganito ba talaga sa inyo?” amazed na tanong ni Jeffrey.

Naghanda ng kaunting salo-salo ang mga kamag-anak at kapitbahay nila. May nag-sponsor ng videoke, softdrinks, at pagkain. Parang may fiesta sa bakuran nila.

“Oo,” nakangiting sagot ni Sam.



“Sigurado akong proud na proud sila sa ’yo. Mabuti ka pa, madaming nagmamahal sa ’yo. Samantalang sa akin, ultimong magulang ko, walang pakialam sa akin.” Lumungkot ang ekspresyon ng mukha ng kausap.

“Huwag mong sabihin iyan. Mahal ka ng parents mo at may pakialam sila sa ’yo. Kasi kung wala, matagal ka nang pinalayas sa inyo,” sermon niya.

“Dahil marami akong kalokohang ginawa?”

“Oo.” Pinisil niya ang ilong ng lalaki pero hindi ito nagreklamo. “At sino’ng may sabi na walang nagmamahal at proud sa ’yo?” nakapamaywang na tanong niya. “Proud kaya ako sa ’yo dahil ang laki ng pinagbago mo simula noong nakilala kita. At mahal ka namin ng pamilya ko, tandaan mo iyan.”

*Mahal na mahal kita, Jeff. Kung alam mo lang.*

Pinisil din ng binata ang ilong niya. “Tatandaan ko.”

“Hoy, kayong dalawa, hinahanap na kayo sa labas,” biglang sulpot ni Cindy. Kasama nila itong umuwi sa Bulacan at doon ito matutulog sa kanila. “Hindi na kayo mapaghiwalay samantalang palagi naman kayong magkasama sa Maynila.”

“Ayoko kasing mawala sa paningin at tabi ko

si Sam,” nakangiting sabi ng binata pero alam niyang nang-aasar lang ito.

“Naks naman. Kaya pala sa tuwing magkasama tayo, sa ibang babae ka nakatingin,” ganting pang-iinis niya.

“Selos ka naman?” natatawang sagot nito. “Ikaw lang ang nag-iisang babae sa buhay ko.”

Imbis na ito ang maasar sa sinabi niya ay nabaliktad ang sitwasyon. “Ewan ko sa ’yo, hindi mo ako mabobola! And FYI, hindi ako nagseselos.” Tinulak niya si Jeffrey papunta sa labas. “Makigulo ka na sa kanila. Don’t worry, mababait silang lahat.”

“Hindi mo ako sasamahan?”

Umiling si Sam. “Susunod ako.”

Tumango ito bilang tugon. Pagkalabas ng binata, hinarap siya agad ni Cindy.

“Ang sweet naman! Nakakainggit! Ano’ng status n’yo?”

Bago niya sagutin ang tanong, hinila niya ang best friend papunta sa kuwarto niya.

“Friends.”

“Friends?” Nakatikwas ang kilay nito. “Friends lang pero may binigay na singsing.”

“It’s a graduation gift,” depensa ni Samantha.

“Kalokohan!” Tinitigan siya ng kaibigan nang

masama. “Hindi mo tinanong kung ano kayo?”

Nagkibit-balikat siya. “Bakit pa? If he’s not ready to be committed yet, it’s okay.”

“Paano ka? Don’t tell me hanggang ngayon willing ka pa ring maghintay?” Hindi siya kumibo. “Samantha, ano ba! Hanggang kailan ka maghihintay? Hanggang pumuti ang uwak?”

Cindy already warned her about Jeffrey before she accepted the tutorial job. Wala siyang pakialam noon sa sinabi ng roommate dahil akala niya hindi siya magkakagusto sa binata. But she was wrong. Habang tumatagal na magkasama sila ay nakikilala niya ang tunay na Jeffrey. Hindi niya namalayan na nahuhulog na ang loob niya sa lalaki sa bawat araw na nakakasama niya ito. Taliwas sa mga naririnig niya ang totoong ugali nito.

Ang totoo, hindi na niya kailangang turuan si Jeffrey dahil matalino ito. Isang semester niya lang tinuruan ang binata pero hindi niya inaasahan na liligawan siya nito pagkatapos. Sinunod niya ang binubulong ng damdamin kaysa sa payo ng kaibigan. Ang ending, nasaktan siya pero umaasa pa rin. Ang sinabi niya noon sa sarili, hindi na siya susugal muli pero iba ang binubulong ng kanyang puso.

“I don’t know.”

“Samantha.” Tila nauubusan na ng pasensya ang best friend.

“I know what you’re thinking. But believe me, I know what I’m doing. Siguro iniisip mo na nagpapakatanga ako sa kanya. Slightly true, pero naniniwala ako na pareho kami ng nararamdaman.”

“Nag-aalala lang ako.” Niyakap siya ni Cindy. “Sana nga pareho kayo ng nararamdaman.”

# Chapter Three



“Sam, subukan mo kayang magpaikli ng hair,” suggestion ni Cindy.

Kasalukuyan silang nasa parlor ni Antoinette, classmate ni Cindy sa college, na naging kaibigan niya rin. Saturday kaya pareho sila ng best friend niya na walang pasok sa opisina. Naisipan ng kaibigan na magpunta sa parlor.

“I’ll think about it.”

Jeffrey loved her long hair. Sa tuwing nagpapagupit siya ay sumasama ito para masigurong hindi siya magpapaikli ng buhok. Ngayon lang niya hindi makakasama ang binata dahil busy ito sa nobya.

“I know you, Sam, and I know the reason why you don’t want to have a short hair. Girl, mahaba din ang buhok ni Camille kaya wala nang paki si Jeff sa buhok mo.”

“Whatever!” Imbis na pansinin si Cindy ay namili na lang siya ng nail polish na babagay sa kanya.

“Sam, sige na! Bagay sa ’yo ang maikling buhok dahil maliit ang mukha mo. Kapag di mo nagustuhan, libre na ang pagpapa-hair extension mo,” pangako ni Antoinette. “New look, more boys to come. Move on move on din pag may time!”

“Good luck kung mapapapayag mo iyan. Isang lalaki lang naman kasi ang tinitingnan niya kaya di siya nagpapaganda. Hayan tuloy, naagaw ng iba,” parinig ng kanyang best friend. “Antoinette, magpapa-pizza ako kapag pumayag si Sam na magpagupit nang maiksi.”

Aba’t pinagpustahan pa siya! Kung hindi niya lang kaibigan ang dalawa, kanina pa siguro niya nabugbog. Pinag-uusapan siya ng mga ito na para bang wala siya roon.

Sasabat na sana siya sa mga ito nang biglang tumunog ang kanyang cellphone.

“Hello?” bati niya.

“Sam, I have good news for you.” Halata sa boses ni Jeffrey ang excitement. Nai-imagine niyang nakangiti ito at masaya.

“Really? Mabuti naman kung ganoon. Akala ko papasakitin mo na naman ang ulo ko.”

“Ang sakit mo namang magsalita. Nagbago na ang Samantha na kilala ko.” May himig-pagtatampo sa boses nito. “Di bale, sigurado naman akong matutuwa ka sa ibabalita ko.”

“Ano ba iyon?”

“I’m getting married.”

Muntik nang mabitawan ni Sam ang hawak na cellphone. Hindi niya alam kung mali ba ang kanyang narinig o ayaw niya lang tanggapin ang sinabi nito.

“Hello?”

“Jeff, sorry, hindi ko narinig ang sinabi mo. Pumipili kasi ako ng nail polish.” Inabot niya sa manikyurista ang hawak. “Ito ang napili ko.” Tapos, kinausap uli niya ang nasa kabilang linya. “Ano nga ulit iyong sinasabi mo?”

“Ikakasal na ako,” masayang ulit nito. “Do you still remember our deal when we we’re college students? Nangyari na, tinupad ko ang deal natin.”

Hindi niya makakalimutan ang sinabi ni

Jeffrey na ang susunod nitong magiging nobya pagkatapos makipag-break kay Andrea ay pakakasalan nito.

Paano niya makakalimutan iyon, eh minsan siyang umasa na magkakabalikan sila at siya ang babaeng huling magiging nobya at pakakasalan ng binata. Ang tanga niya talaga.

“Congrats! Finally, totoong nagbago ka na.” Hindi alam ni Samantha kung paano siya nakapagsalita nang maayos.

“You’ll be our maid of honor.”

*Wonderful! Congratulations, Samantha! Dapat ikaw ang bride at hindi maid of honor sa kasal ni Jeffrey.*

“No problem,” sagot niya kahit ang totoo, malaking problema iyon. Kaya ba niyang magmartsa sa altar bilang maid of honor ng lalaking mahal niya? Sana masamang panaginip lang ang lahat ng ito at magising na siya.

“Jeffrey, wrong timing kang tumawag.” Inagaw ni Cindy ang cellphone sa kanya. Hindi siya nakapag-react dahil marami siyang iniisip. “Girl bonding namin ang araw na ’to kaya mamaya ka na mangulit kapag wala na kaming ginagawa. ’Bye!” Ibinalik ni Cindy sa kanya ang cellphone na naka-off na. “You look pale. Ano



ba'ng sinabi sa 'yo ng hilaw mong boyfriend?"

Hindi niya sinagot ang tanong nito. "Antoinette, narinig mo kanina na magpapa-pizza si Cindy kapag nagpaikli ako ng buhok, di ba?"

"Oo. Bakit, napag-isipan mo na ba?"

"Gusto kong kumain ng pizza." Tinawag niya lahat ng staff ng parlorista. "Girls, magpapa-pizza si Cindy." Natuwa ang mga babae at binabae. Binalingan niya ang hairdresser. "Girl, bob cut ang gusto kong gupit."

Hindi makapaniwalang tiningnan siya ng dalawang kaibigan.

"Are you sure about it?"

"Sigurado ka?"

Magkasabay iyong tinanong ng dalawa.

"I'm one hundred one percent sure," confident na sagot niya. "Gupitan mo na ako para makapag-order na ng pizza si Cindy."



"What's going on, Sam?" tanong ng kanyang best friend pagdating sa apartment na inuupahan nila. Sa Maynila siya nagtrabaho pagkatapos niyang makapasa sa board exam. Magkalapit ang opisina nila ni Cindy kaya naisipan nilang mangupahan.

“Finally, he’s getting married. And guess what? Ako lang naman ang maid of honor sa kasal nila ni Camille.”

“What?” bulalas nito. “Nagbibiro ka ba?”

“I’m not,” seryosong sabi niya. “Sana nga nagbibiro na lang ako para di ko nararamdaman iyong sakit.”

Ang luhang kanina pa niya pinipigilan ay malaya nang dumadaloy sa kanyang mga pisngi. Nabaling kasi ang atensyon ni Sam kanina sa pagpapa-parlor, panood ng sine, pag-shopping, at paggo-grocery pero ngayong nasa bahay na lang sila, hindi niya napigilang umiyak.

Bakit kasi suwail ang kanyang puso? Ilang beses na siyang sinabihan ni Cindy na kalimutan na ang nararamdaman kay Jeffrey pati nga sarili pinangaralan niya pero walang nangyari, may sariling isip ang kanyang puso na mahal in ang binata.

“Let’s celebrate!” masayang sigaw nito pero mayamaya lang, nagbago ang ekspresyon sa mukha nito. “Ang gaganda natin, ang ganda din ng career natin... pero pagdating sa pag-ibig, luhaan tayo.”

Nagtaka siya sa sinabi ng kaibigan. May nobyo kasi ito. “What happened?” nag-aalalang

tanong ni Sam.

“Miguel and I broke up last night.” Nagsimula na itong umiyak. “I’m not part of his priorities so I just let him go.”

Duet silang humagulgol. Magkaibigan nga silang dalawa.

“Let’s drink.” Inabutan siya ni Cindy ng isang boteng beer. Hindi man lang siya nagtaka kanina nang bumili ito ng maraming beer, samantalang hindi naman sila mahilig uminom.

“Cheers!”

Hindi niya binitawan ang bote ng beer hangga’t hindi niya nauubos ang laman. Magpapakalunod siya sa alak ngayong gabi.

Napaparami na ang naiinom niya nang muli siyang sumeryoso.

“Hindi daw kami maghihiwalay.” Tinitigan ni Sam ang infinity ring na ibinigay ng binata, suot pa rin niya iyon hanggang nang oras na iyon. “Ako ang unang binigyan ng singsing, pero iba ang pakakasalan.” Tumawa siya na parang baliw. “How ridiculous!”

“Hey, speaking of that jerk, he’s calling you.”

“Hayaan mo siya.”

“Ako ang sasagot.” Inilagay nito sa loud speaker ang cellphone kaya naririnig niya ang

usapan ng dalawa.

“Sam, bakit maghapon kitang hindi ma-contact? Pagkatapos nang ma-contact kita, hindi mo naman sinasagot. Nag-aalala ako sa ‘yo,” litanya ni Jeffrey sa kabilang linya.

“Jeff, si Cindy ‘to. Natutulog na si Samantha. Napagod dahil buong araw gumala,” pagsisinungaling nito.

Hindi pa lasing ang kaibigan pero bakit ganoon ang sinasabi ng kaibigan?

“Saan ba kayo pumunta?”

“I don’t know,” she lied again. “Pagkatapos naming magpa-parlor ay naghiwalay na kami. Pero gabi na siya umuwi.”

Madami na siyang nainom pero naiintindihan niya ang mga sinasabi ni Cindy. Sinipa niya ito sa paa pero sumenyas ang babae na huwag mag-ingay.

“Ano? Sino’ng kasama niya?”

“Ewan ko sa kanya. Hindi ko naman puwedeng i-monitor lahat ng gagawin niya. Matanda na si Samantha, kaya na niya ang sarili niya. Huwag ka nang masyadong mag-alala sa kanya, kasi baka pagselosan pa ulit siya ni Camille.”

Hindi lingid sa kaalaman nilang lahat iyon.

“I don’t care. Sam is my friend kaya hindi

puwedeng hindi ako mag-alala sa kanya.”

Friend. She would be always his friend. Iyon lang ang papel niya sa buhay nito.

“Fine! Mag-usap na lang kayo bukas ni Sam, matutulog na ako. 'Bye!” Hindi nito hinintay na makasagot si Jeffrey, tinapos ni Cindy ang tawag. Pagkatapos, ini-off nito ang cellphone.

“Bakit mo sinabi iyon?” Nawala ang espiritu ng alak sa katawan niya dahil sa sinabi ng kaibigan.

“Para mabaliw siya sa kaiisip kung sino'ng kasama mo buong araw.”

“Baliw ka ba? Bakit pa? Malinaw na kaibigan lang ang turing niya sa akin.”

“He's not in love with Camille.”

“Kanino siya in love, sa akin?” Humalakhak si Samantha. “Are you joking? Hindi niya yayayaing magpakasal si Camille kung hindi niya 'yun mahal.” Tumungga siya ng beer. “At itong singsing na 'to...” Sinubukan niya iyong tanggalin sa kamay pero nahirapan siya. “Bakit ayaw mong matanggal?” Binuhusan niya ng beer ang daliri at sinubukang tanggalin uli ang alahas.

“Ako na.” Tinulungan siya ni Cindy na tanggalin iyon. “Natanggal na.”

Ibinigay nito sa kanya ang singsing at nang

matanggap, hinagis iyon ni Sam.

“Sino’ng may sabing hindi kami maghihiwalay?”



Nagtakip si Samantha ng kumot sa mukha. Tumindi lalo ang sakit ng kanyang ulo dahil sa sikat ng araw na nagmumula sa bukas na bintana.

“Cindy!” pilit niyang nilalakasan ang boses kahit nanghihina siya. “Bakit mo binuksan ang bintana?”

“Mabuti naman at gising ka na. Cindy is not here, may pinuntahan siya. She called me earlier kasi masama daw ang pakiramdam mo.”

Papatayin niya ang babaeng iyon pag-uwi nito mamaya.

“Bumangon ka na, nakapagluto na ako ng breakfast.” Hindi siya kumilos. “Gusto mong iakyat ko na lang dito?”

Why was he doing this? Hindi niya masisisi ang sarili na minahal niya ito. Ganoon na lang kasi ang concern na ipinapakita nito sa kanya.

Gusto na naman niyang umiyak.

“Huwag na.” Bumangon si Sam. “Wala naman akong sakit, hangover lang ’to. You can go home now.”

“Kailan ka pa natutong uminom?” galit

na tanong ng lalaki. “Sino ba’ng kasama mo kahapon, bakit gabi ka na raw umuwi? Huwag mong sabihing naglasing ka sa kung saan kasama ang kung sino-sino lang?”

“Ganoon ba ang tingin mo sa akin?” Puno ng hinanakit na tinitigan niya si Jeffrey. All this time, hindi niya ito pinagsalitaan ng ganoon kahit alam niyang puro kalokohan ang ginagawa nito noon.

“Sam, sorry.” Mahinahon na ang tinig ng kausap. “I’m just concerned about you. Ayokong mapahamak ka.”

“I know what I’m doing. Si Cindy ang kasama kong uminom kagabi, dito lang kami sa bahay. Nag-break na sila ni Miguel kaya nagyayang uminom,” paliwanag niya.

“Sorry, I didn’t know. Kaya pala sinusungitan niya ako kahapon.”

Gusto niyang sabihin ang totoong dahilan ng pagsusuplada rito ni Cindy.

“Sino’ng kasama mo maghapon?”

“Kaibigan,” maikling turan niya. Hindi niya sasabihin na si Cindy rin iyon.

Halatang hindi kuntento si Jeff sa kanyang sagot, pero hindi na ito nagtanong ulit ng tungkol doon. Ang napansin nito ay ang buhok niya.

“Ano’ng nangyari sa buhok mo?”

“Nag-suggest sina Cindy at Antoinette na magpaikli ako ng buhok kaya sinubukan ko.” Sinuklay niya iyon gamit ang mga daliri. “Nagustuhan ko naman ang resulta, hindi na ako mahihirapang magsuklay.”

“Nag-suggest lang, sinunod mo naman?” naiinis na sagot ng lalaki. Hinawakan nito ang kaliwa niyang kamay. “And you’re not wearing the ring.”

Binawi niya ang kamay mula rito. “Tinago ko,” pagsisinungaling niya. Hindi niya nga matandaan kung saan niya iyon hinagis.

“Why?” Nagsalubong na ang mga kilay ni Jeffrey.

“Kapag may ka-date kasi ako, palagi nilang tinatanong kung may asawa na ako o may boyfriend. Kaya tinago ko.”

“Samantha, ni minsan hindi ko tinanggal ang singsing sa kamay ko kahit engaged na ako ’tapos ikaw, basta-basta mo na lang tinanggal ’yun?”

“Bakit big deal sa ’yo? That’s your decision, not mine. Problema mo na iyon kung ayaw mong tanggalin.”

“Hindi ba ako mahalaga sa ’yo, Sam?” biglang tanong ng lalaki. “Kasi sobrang mahalaga ka sa akin.”



*Mahalaga pala ako sa 'yo, bakit iba ang minahal mo?*

“It’s not about how important you are to me. Tanggapin mo na, Jeffrey, na may kanya-kanya na tayong buhay. Hindi na tayo iyong dating mga estudyante at magkaibigan na maraming pangako sa isa’t isa. You have your own life and I have mine.”

“Do you want me stay away from you?” Puno ng hinanakit ang boses ng binata.

“I’m not saying that. Ang point ko lang naman, hindi na tayo puwedeng maging kagaya ng dati. Jeff, ikakasal ka na. At kapag kasal na kayo ni Camille, hindi pwedeng basta ka na lang umalis sa bahay n’yo kapag nalaman mong may sakit ako. Naiintindihan mo ba ako? Ayokong pagmulan ng away n’yo.”

“I understand.” Tumingin ito sa malayo, tila may malalim na iniisip. “I need to go now. Camille is waiting for me.”

Tumango si Samantha. Tahimik itong lumabas ng kuwarto.

Pagkaalis ng kaibigan, hindi na niya napigilan ang luha.

Mayamaya lang, dumating ang kanyang roommate.

“Sam, ano’ng nangyari? Bakit bad mood si Jeffrey?” Tumahimik si Cindy nang hindi siya sumagot. “Bakit umiiyak ka?”

Pinahid niya ang luha. “Akala ko umalis ka?”

“Nasa kapitbahay lang ako. Sinadya kong tawagan si Jeffrey at nagsinungaling ako na masama ang pakiramdam mo.”

“Are you insane? Bakit mo naman ginawa iyon?”

“Sinubukan ko lang kung pupunta siya. Hindi nga ako nagkamali kasi pinuntahan ka niya agad. Ang s’abi niya, magkikita dapat sila ni Camille pero inuna ka niya.”

“Hindi mo na dapat ginawa iyon.” lalong sumakit ang ulo ni Samantha dahil sa ginawa ng best friend. “Wala akong pakialam kung sino ang inuna niya sa aming dalawa. Wala na akong pakialam sa kanya.” Ipinapangako niya na huling beses na siyang iiyak dahil kay Jeffrey. “Ikaw ang nagsabi sa akin dati na kalimutan ko na ang nararamdaman ko sa kanya ’tapos ngayon, kung anu-ano ang ginagawa mo.”

“Sorry.” Niyakap siya ng kaibigan. “Hindi lang talaga ako convinced na mahal niya si Camille. Pero I swear, hindi ko na uulitin ang ginawa ko.”